Ang bawat araw na kabayaran sa pagkakasakit ay katumbas ng 4/5 ng karaniwang suweldo ng katulong sa isang araw. Kinakailangang bayaran nang hindi nahuhuli sa karaniwang paraan ng pagsusuweldo.

**Pinagbabawalan ang amo sa pagpapaalis ng kasambahay sa kanyang mga araw ng pagkakasakit na may bayad maliban sa kasong malubhang sama ng pag-aasal ng empleyado.**

## Terminasyon ng Kontrata ng Empleyo

Maaring itigil nang sinumang panig ang kontrata ng empleyo sa pagbibigay ng **isang buwang abiso, o isang buwang suweldo sa halip na abiso.**

Maaring kasama ng bayad sa terminasyon:

- Natitirang suweldo;
- Suweldo sa halip na abiso, kung mayroon;
- Bayad bilang kapalit sa taunang bakasyon na di nakuha;
- Bayad sa matagal na serbisyo/bayad sa pagputol ng kontrata, kung saan nararapat; at
- Iba pang halaga batay sa kontrata ng empleyo kagaya ng libreng pamasahe, atbp.

## Bayad sa Pagputol ng Kontrata

Ang dayuhang kasambahay ay may karapatan sa bayad sa pagputol ng kontrata kung siya ay:

- May di kukulangin na 24 na buwang serbisyo sa parehong amo bago ang terminasyon; at
- Pinaalis o di inulit ang kontrata sa dahilang kalabisan.

## Bayad sa Matagal na Serbisyo

Ang isang dayuhang kasambahay ay may karapatan sa bayad sa matagal na serbisyo kung siya ay may di kukulangin na 5 taong serbisyo sa parehong amo bago ang terminasyon at:

- Pinaalis o di inulit ang kontrata sa ano mang dahilan maliban sa malubhang sama ng pag-aasal at kalabisan;
- Nagbitiw sa kadahilan ng mahinang pangangatawan;
- Nagbitiw sa kadahilan ng katandaan (edad 65 o higit pa); o
- Namatay habang nagseserbisyo.

## Halaga ng Bayad sa Pagputol ng Kontrata o Bayad sa Matagal na Serbisyo

**Buwanang suweldo x 2/3 x bilang ng taon ng pagserbisyo**

Ang di kumpletong taon ng serbisyo ay dapat kalkulahin sa pamamagitan ng pro-rata.

Ang dayuhang kasambahay ay may karapatan lamang sa bayad sa pagputol ng kontrata o bayad sa matagal na serbisyo.

Nakahayag lamang sa itaas ang mga mahahalagang bahagi ng pangunahing batas at probisyon sa kontrata na pangkaraniwang pinagtutuunan ng pansin ng dayuhang kasambahay.

Para sa mga detalye ng mga karapatan at benepisyo, sumangguni sa "Praktikong Gabay Para sa Pagtratrabaho ng mga Kasambahay" o "Isang Maiksing Payo sa Ordenansa ng Empleyo" na makukuha sa mga sangay ng tanggapan ng Labour Relations Division ng Kagawaran ng Paggawa.

## 24-oras na Telepono na Tumatanggap ng mga Katanungan (hinahawakan ng "1823")

2717 1771

2157 9537 (Nakalaang hotline para sa mga Dayuhang Kasambahay)

## Address ng Home Page

www.labour.gov.hk

www.fdh.labour.gov.hk

## Personal na Magtanong

### Sangay ng Tannggapan ng Taga-ugnay ng Manggagwa sa Kagawaran ng Manggagawaa

| HONG KONG | |
|---|---|
| **Hong Kong East**<br>12/F, 14 Taikoo Wan Road, Taikoo Shing, Hong Kong. | **Hong Kong West**<br>3/F, Western Magistracy Building, 2A Pokfulam Road, Hong Kong. |
| **KOWLOON** | |
| **Kowloon South**<br>2/F, Mongkok Government Offices, 30 Luen Wan Street, Mongkok, Kowloon. | **Kowloon West**<br>Room 1009, 10/F, Cheung Sha Wan Government Offices, 303 Cheung Sha Wan Road, Sham Shui Po, Kowloon. |
| **Kowloon East**<br>UGF, Trade and Industry Tower, 3 Concorde Road, Kowloon. | **Kwun Tong**<br>6/F, Kowloon East Government Offices, 12 Lei Yue Mun Road, Kwun Tong, Kowloon. |
| **NEW TERRITORIES** | |
| **Kwai Chung**<br>6/F, Kwai Hing Government Offices, 166-174 Hing Fong Road, Kwai Chung, New Territories. | **Tuen Mun**<br>Unit 2, East Wing, 22/F, Tuen Mun Central Square, 22 Hoi Wing Road, Tuen Mun, New Territories. |
| **Shatin & Tai Po**<br>Rooms 304-313, 3/F, Sha Tin Government Offices, 1 Sheung Wo Che Road, Sha Tin, New Territories. | **Tsuen Wan**<br>5/F, Tsuen Wan Government Offices, 38 Sai Lau Kok Road, Tsuen Wan, New Territories. |

Jul 2019



# Dayuhang Kasambahay Mga karapatan at Proteksiyon batay sa Ordinansa ng Paggawa

*FDHs - Rights and Protection under the EO (Tagalog Version 菲律賓文版本)*

勞工處
Labour Department

## Pamantayan ng Kontrata sa Empleyo sa mga Dayuhang Kasambahay

Ang pamantayan ng kontrata ay nasasaad ng kasunduan at kailangan sa panghanapbuhay ng mga dayuhang kasambahay sa Hong Kong. Ito **lamang ang piraso ng dokumento na kinikilala** ng Gobyerno ng Hong Kong Special Administrative Region na ang layunin ay magpatrabaho sa mga dayuhang kasambahay.

Sa ilalim ng pamantayan ng kontrata sa empleyo, ang mga dayuhang kasambahay ay may karapatan sa :

- Mapapayagan na pinakamababang sahod (sugnay 5(a) ng kontrata)
- Alawans sa pagkain kung walang pagkaing ibibigay ang amo (sugnay 5(b))
- Libreng tirahan (sugnay 5(b))
- Libreng pamasahe patungo at mula sa kanilang lugar na pinagmulan (sugnay 7 (a))
- Libreng pagpapagamot, pati ang pagpapakonsult sa doktor, sustento sa pagpapagamot sa ospital at emerhensiyang pagpapagamot sa ngipin (sugnay 9(a))
- May bayad o wala ang pagbakasyon na ang halaga ng pamasahe ay gastos ng amo (sugnay 13)

## Pinapayagan na Pinakamababang Sahod

Dapat magbayad ang amo ng suweldo ng kanilang kasambahay na hindi kukulangin sa pinapayagang pinakamababang sahod na nananaig sa panahon ng pagpirma sa kontrata.

## Pagbayad ng Suweldo

Dapat bayaran ang suweldo **na di lalampas sa 7 araw** pagkatapos ng hangganan ng panunuweldo o petsa ng terminasyon ng kontrata.

## Pagkukulang sa Pagbayad ng Suweldo

Kung ang suweldong natanggap ay kulang sa nakatakda sa kontrata ng empleyo, ang isang kasambahay at dapat:

- Linawin sa amo ang wastong halaga;
- Huwag tanggapin ang resibo sa suweldo na di binayaran; at
- Kung sakaling kulang ang pagbayad sa suweldo, magsumbong sa Kagawaran ng Paggawa sa lalong madaling panahon.

## Pagbawas sa Suweldo

Ipinagbabawal ang pagbawas sa suweldo maliban sa:

- Dahilan nang pagkasira sa o pagkawala ng mga gamit o pag-aari ng amo dahil sa pagpapabaya o di pagganap sa obligasyon ng kasambahay. **Ang halagang ibabawas sa bawa't pangyayari ay di dapat hihigit sa HK$300;**
- Pagliban sa trabaho na di hihigit sa halagang katumbas sa panahon na pagliban;
- Pagbawi ng paunang bayad o labis na pagbayad sa suweldo; at
- Pagbawi nang pinautang sa kasambahay ayon sa nakasulat na kahilingan ng kasambahay at iba pa.



Ang kabuuang pagbawas, di kasali yung mga pagliban sa trabaho, ay dapat di hihigit sa kalahati ng suweldong babayaran sa panahon ng suweldong iyon.

## Mga Araw ng Pahinga ng Isang Dayuhang Kasambahay

Ang isang dayuhang kasambahay:

- ay dapat may di kukulangin sa **1 araw ng pahinga** sa bawat 7 araw na paggawa; at
- maaring magtrabaho ng kusa sa araw ng pahinga.

**Di dapat piliting magtrabaho ng amo ang isang kasambahay sa araw ng pahinga.**

## Legal na mga Araw ng Pahinga

Ang isang kasambahay ay may karapatan sa:

- **12 araw ng Pahinga** sa isang taon; at
- bayad sa legal na araw ng pahinga kung siya ay nakapagtrabaho na ng 3 buwan na sinusundan ng anumang legal na araw ng pahinga.

**Ang pagbabayad ng halaga bilang kapalit sa legal sa araw ng pahinga ay di pinahihintulutan.**

Kung ang legal na araw ng pahinga ay tumama sa araw ng pahinga, ang legal na araw na pahinga ay dapat ibigay sa kasunod na araw ng pahinga.

Ang kapalit sa legal na araw ng pahinga ay dapat ayusin sa loob ng 60 araw bago o pagkatapos ng legal na araw ng pahinga kung kailangan magtrabaho ang kasambahay sa legal na araw ng pahinga.

## Taunang Bakasyon

Karapatan ng isang dayuhan na kasambahay ang mabayaran ng taunang bakasyon pagkatapos magsilbi ng 12 buwan sa parehong amo sa sumusunod na halaga:

- 7 araw sa bawa't pang-una at pangalawang taon nang serbisyo; at
- umpisa sa pangatlong taon, ang bilang ay nadadagdagan ng 1 araw sa bawat taon hanggang sa pinakamataas na 14 na araw.

## Alawans sa Pagkakasakit

Ang dayuhang kasambahay ay may karapatan sa alawans sa pagkakasakit kung siya ay:

- naka-ipon ng bilang ng mga bayad na araw ng pagkakasakit;
- ang kinuhang bakasyon ng maysakit ay di kukulangin sa magkakasunod na 4 na araw; at
- pinatutunayan nang tamang sertipikong medikal ang bakasyon ng maysakit.